LALAWIGAN NG LAGUNA
PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN
**TANGGAPAN NG SANGGUNIAN BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA – 10 NG MARSO, 2008 SA GANAP NA IKA – 9:15 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ROLANDO G. UBATAY | --------------- | Tagapangulo ng Sesyon |
| KGG. MAMERTA L. LAGROSA | --------------- | Kagawad |
| KGG. CATALINA A. DE TORRES | --------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | --------------- | Kagawad |
| KGG. ZOSIMO M. LACBAY JR. | --------------- | Kagawad |
| KGG. DARRYL B. GARCIA | --------------- | Kagawad |
| KGG. RIMMON L. CABARABAN | --------------- | Kagawad |
| KGG. BELEN B. RAGA | --------------- | Kagawad |
| KGG. ANTHONY L. MANANSALA | --------------- | Pangulo-ABC |
| KGG. RYCHELLE R. MERCADO | --------------- | Pangulo-SKF |

**DI- NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. LARRY BUTCH P. DE LEON | --------------- | Kagawad ( nasa opisyal na gawain ) |

**KAPASIYAHANG BLG. 14 T. 2008**

**KAHILINGAN SA KGG. PUNUMBAYAN WILFREDO O. PARAISO NA MAKABILI NG ISANG LOTENG PAGTATAPUNAN NG BASURA ( LAND DISPOSAL AREA ) NG BAYAN NG LUMBAN.**

**(Akda ni: Geronimo P. Samonte Jr. )**

**SAPAGKAT,** ang Kgg. Sangguniang Bayan ng Lumban ay masidhing naghahangad na magkaroon ng sariling lote na pagtatapunan ( land Disposal Area ) ng basura ng bayan ng Lumban;

**SAPAGKAT**, hanggang sa ngayon ang bayan ng Lumban ay wala pa rin sariling tapunan at kailangan pang umupa ng sampung libong ( P10,000.00 ) piso kada buwan;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng sariling tapunan ng basura ay magbibigay kasiguruhan sa Bayan ng Lumban para sa isang malinis at maunlad na pamayanan;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon tayo ng sariling tapunan na makakapasa sa mga requirements ng DENR ay maaari na natin ipatupad ang R.A. 9003 o Solid Waste Management Segregation System;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr., na pinangalawahan nina Kgg. Zosimo M. Lacbay Jr. at Kgg. Rimmon L. Cabaraban at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay ;

**IPINASIYA,** na pagtibayin ang kahilingan sa Kgg. Punumbayan Wilfredo O. Paraiso na makabili ng isang loteng pagtatapunan ng basura ( Land Disposal Area ) ng bayan ng Lumban.

**IPINASIYA PA RIN**, ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahan ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at tumpak na pagsasakatuparan.

**BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahan ito.

**CORAZON B. PADUA**
Nanunuparang Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**ROLANDO G. UBATAY**
Tagapangulo /Pangalawang Punumbayan

Pinagtibay:

**Mggl. WILFREDO O. PARAISO**
Punumbayan

Xcerpt031008res14